

# Bien

---

Rio Alma

Paano kita tatawagin?  
Guro? Patnubay? Ulanan?  
Kaibigan, kalahati ng danas ko'y nagunaw  
Sa iyong pagpanaw.

28 Setyembre 2021

# Hindi Isang Panoóring Pangmadla ang Dalamhati

Rio Alma

Hindi isang panoóring pangmadla ang dalamhati.  
Sapat na ang katwiran ng kandila  
Kaysa maiingay na himutok, umaalingawngaw  
Sa pagtatalik ng lastag na karne't hukbo ng langaw  
Sa mga parke't palengke;  
Sapat na ang taimtim na bulaklak  
Kaysa makikislap na pahayag sa harap ng elektrisidad  
Kaysa bantayog ng hangin  
At nilubid-lubid na buhangin  
Kaysa entablado ng nakahilerang korona  
Kaysa paglalamay ng kubiertos at alahas.  
Hindi isang panoóring pangmadla ang dalamhati  
Upang wariin ang kasaysayan  
Upang bigyan ng talambúhay ang isang kamatayan  
Samantalang pinapaslang ang mga musmos  
Inililibing sa semento ang mga bukirin at nayon  
Lumulungayngay ang gútom sa basurahan  
At nagnangalit ang mga bulkan;  
Samantalang lumilikha ng kamandag  
Ang mga gusali ng edukasyon at laboratoryo  
Lumilikha ng dambana ang mga sandata't diktador  
Lumilikha ng milyon-milyong mangmang  
Milyon-milyong alipin ang mga eskaparaté't bodega;  
Samantalang naliligo sa dugo ang buong planeta.  
Hindi isang panoóring pangmadla ang dalamhati.  
Nauupós ang kandila't naluluoy ang bulaklak

Kasabay ng paglalahò ng luha't tapik sa balikat  
Pumupusyaw kahit ang mga marangyang retrato  
Kahit ang maririkit na berso sa nitso;  
At hindi napapanoód ng madla  
Ang lihim ng pagluluksa—  
Mistulang napakalalim na tinik sa dibdib  
Mabagal na bumubukad at nagnanaknak  
Ngunit tumatamis, eternal  
Kasinlinis at kasimbanal  
Ng tunay na sanhi ng marangal, masidhing pighati.

1 Oktubre 2021